
DECEMBER 2019


# AQUANEGOSYO KOMIKS

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
BFAR


# PAG-AALAGA NG LOBSTER (BANAGAN)




FishCORAL


NOON:
BATA PA LANG SI JAMIL AY HILIG NA NYA ANG MANGISDA BILANG PAGKAIN AT PANINDA NG KANYANG PAMILYA...
HADJI! MALAKI ANG NAHULI KONG BANAGAN NGAYON! WHOOOW!
AYOS 'YAN JAMIL! IHAWIN NA NATIN 'YAN GUTOM NA AKO!
TARA NA SA BAHAY!
NGAYON:
HANGGANG SA PAGLAKI NILA, ANG PANGHUHULI NG BANAGAN ANG KANILANG PINAGKAKAKITAAN.
NGUNIT LIMITADO LANG ANG DAMI NG KANYANG HULI.
PASENSYA NA KAYO MANG AKHIL, ITO LANG TALAGA ANG NAHULI KO.
ITO LANG BA ANG BABAYARAN KO SA 'YO JAMIL? MARAMI KASI ANG NAGHAHANAP SA BAYAN.
MATAGAL NA RING NAPAPAISIP SI JAMIL KUNG PAANO SYA MAKAKAHULI NG MARAMING BANAGAN. NANGHIHINAYANG SIYA SA MGA LUMALAMPAS NA PAGKAKATAON NA MALAKI NA SANA ANG KANYANG KIKITAIN LALO AT MARAMI ANG NAGHAHANAP NG MGA ITO.


IKINAGULAT NI JAMIL ANG PRESENSYA NG MGA TAGA-BFAR SA KANILANG LUGAR.
BFAR
HADJI BAKIT MAY MGA TAGA-BFAR DITO SA ATIN?
MAGPAPASEMINAR SILA TUNGKOL SA PAG-AALAGA NG BANAGAN! MAAARI DAW PALANG ALAGAAN ANG BANAGAN AT 'DI NA MANGHUHULI SA DAGAT!
ABA? MAGANDA YAN AH! MATUTUPAD NA ANG PANGARAP NATIN NA MAKAPAGBENTA NG MARAMING BANAGAN!
KAYA DADALO TAYO JAMIL! PAGKAKATAON NA ITO!
HANGGANG MAKASALUBONG NILA SI MANG AKHIL.
MANG AKHIL? NAKAUSAP N'YO RIN BA ANG MGA TAGA-BFAR?
OO JAMIL! NATUTUWA AKO AT MAY GANITONG PASEMINAR DITO SA ATIN! INILISTA KO NA ANG PANGALAN NYO! AT TUTULUNGAN KO KAYO PARA SA PUHUNAN!
PO? SALAMAT NG MARAMI SA INYO MANG AKHIL!
HINDI NA NAGDALAWANG ISIP SINA JAMIL. DUMATING NA ANG PAGKAKATAON. HINDI NA NILA ITO PALALAMPASIN PA.



ANG LOBSTER O MAS KILALA BILANG BANAGAN, AY ITINUTURING NA ISA SA MGA HIGH VALUE CRUSTACEANS MARINE PRODUCTS. ITO AY IN DEMAND HINDI LAMANG SA LOKAL NA PAMILIHAN NGUNIT PATI NA RIN SA INTERNASYONAL NA MERKADO. ANG BANAGAN AY NABIBILI SA PALENGKE AT RESTAWRAN SA MATAAS NA PRESYO. ANG IBA AY INILULUWAS SA AMERIKA AT JAPAN NANG MALINIS (WALANG ULO).
LOBSTER
ITO AY KARANIWANG NAHUHULI SA PAMAMAGITAN NG 'LOBSTER POT' O BUBO NA PINAPAINAN NG TALANGKA O ALIMASAG O KAYA AY SA PAMAMAGITAN NG SIBAT O PANA KAPAG SUMISISID.
SA PANAHONG WALANG BUWAN, ITO AY PINUPULOT LAMANG NG MGA MANGINGISDANG NAGKAKAPANDRA (LOKAL NA BERSYON NG PANINISID NA KAGAT ANG 'HOSE' NA MAY HANGIN AT KONEKTADO SA KOMPRESOR NA NASA BANGKA.) GUMAGAMIT SILA NG LENTE UPANG MAKUHA ANG ATENSYON NG BANAGAN AT MAHULI ITO.
ANG LOBSTER FARMING AY ISANG MAGANDANG PANGKABUHAYAN, LALO NA SA MGA RESIDENTE NG BAYBAYIN SAPAGKAT MALAKI ANG KITA RITO.

# TIGER LOBSTER (*Panulirus ornatus*) HIGANTENG BANAGAN



ANG PANGKARANIWANG INAALAGAAN AT PINAPARAMI AY TIGER AT BAMBOO LOBSTERS.

## PAGPILI NG LUGAR NA PAGLALAGYAN



PUMILI NG ISANG SITE NA ISINASAALANG-ALANG ANG MGA SUMUSUNOD NA PAMANTAYAN:

MAY KATAMTAMAN LAMANG NA AGOS TUBIG.


MABUHANGIN NA LUPA.

MAY LALIM NA ISANG METRO KAPAG LOW TIDE.

MAYROONG MATAAS NA WATERS SALINITY O TUBIG ALAT.

MAS MAGANDA KUNG ANG SITE AY MAY MGA EEL WEEDS, AT MABUHANGIN AT MAY MGA NATURAL NA BAHURA. GAYUNPAMAN, MAARING GAMITIN BILANG ALTERNATIBO ANG ARTIPISYAL NA MGA BAHURA.


SA PAGTATAYO NG PEN, ANG IDEAL NA SUKAT AY 20 SQM (5X4 M) PARA SA 200 NA LOBSTER FRY. ANG PEN AY MAARING ITAYO MALAPIT SA BAHAY NG MANGINGISDA UPANG MAS MADALING I-MONITOR.





MAGLAGAY NG KAWAYAN SA ILALIM NG TUBIG NA MAGSISILBING HALIGI NG PEN. MAARI RING GAMITIN ANG BAKAWAN BILANG HALIGI NA MAY LAYONG 1 M KADA POSTE. 18 POSTE ANG KINAKAILANGAN SA PAGTATAYO NG ISANG PEN. ANG POSTE NG BAKAWAN AY MAY MINIMUM DIAMETER NA 3 INCHES. MAARI RING GUMAMIT NG CONCRETE O BATO BILANG POSTE.

PALIBUTAN ANG PEN GAMIT ANG ISANG PLASTIC NET/PLASTIC CHICKEN WIRE. SIGURADUHING MATATAKPAN ANG ILALIM NA PARTE NG PEN UPANG MAIWASAN ANG PAGLABAS NG MGA LOBSTER.

ITALI ANG PLASTIC NET GAMIT ANG NYLON TWINE (NO. 100). SIGURADUHING MAHIGPIT ANG PAGKAKATALI LALO NA SA MALALIM NA LUGAR.



GUMAWA NG MGA MATATAG NA POSTE/PADER GAMIT ANG MGA SLAT MULA SA KAWAYAN O SLAB NG NIYOG O ANUMANG SEAWATER-RESISTANT MATERIAL UPANG MAPROTEKTAHAN ANG PEN SA MALALAKAS NA AGOS AT ALON.




TAKPAN ANG IBABAW NA BAHAGI NG PEN NG MAY MGA SLAT NG KAWAYAN. GUMAWA NG MALIIT NA BUTAS NA MAY NATATANGGAL NA TAKIP (REMOVABLE COVER) PARA SA PAGPAPAKAIN AT PAG-AANI.


## LOBSTER SHELTER

ANG MGA GULONG NA MAY BUTAS AY MAARING GUPITIN SA DALAWANG PIRASO. ITO AY MAINAM NA TIRAHAN PARA SA LOBSTER.

MAGLAGAY NG ILANG MGA BATO O CORALS SA LOOB NG PEN KUNG WALANG NATURAL NA BAHURA.



# HANDLING AT TRANSPORT NG FINGERLINGS




ILAGAY ANG FINGERLINGS SA ISANG CONTAINER O TIMBA NA WALANG TUBIG.

HUWAG PAARAWAN ANG FINGERLINGS UPANG HINDI MASTRESS.

IWASAN ANG PAGHAWAK SA FINGERLINGS HABANG PAPUNTA SA SITE.

# STOCKING



TIMBANGIN ANG LOBSTER BAGO I-STOCK. MAG-STOCK NG SAMPUNG (10) PIRASO NG LOBSTER NA MAY TIMBANG NA 200-300 G SA KADA SQ M.

TANDAAN NA ANG LOBSTER AY CARNIVOROUS. ANG MALALAKING LOBSTER AY KINAKAIN ANG MALILIIT NA LOBSTER.


SIGURADUHIN NA ANG I-STOCK NA LOBSTER FINGERLINGS AY MAGKAKASING LAKI/SUKAT.

ANG STOCKING AY DAPAT GAWIN SA PANAHON NA MATAAS ANG TUBIG/HIGH TIDE.

IHULOG ANG MGA FINGERLING NANG DAHAN-DAHAN.

HUWAG ISAMA ANG MAHINA O NEWLY MOLTED FINGERLING SA MGA MALUSOG.

## FEEDING



PAKANIN ANG LOBSTER ISANG BESES SA ISANG ARAW.

ANG SARIWANG ISDA OR ANUMANG URI NG TRASH FISH AY MAARING IPAKAIN SA LOBSTER.

MAARI ITONG PAKAIN HANGGANG SA 20% NG KANILANG TIMBANG.

TADTADARIN/HATIIN ANG MGA FEED SA MALILIIT NA PIRASO UPANG MAS MADALING MAKAIN.

ANG MGA SARIWANG GUSO (SEAWEEDS) AY MAINAM NA PAGKAIN NG MGA LOBSTER.

## MAINTENANCE



LINISIN ANG PEN DALAWANG BESES SA ISANG LINGO UPANG MATANGGAL ANG MGA DUMI NA NAKAKAPIT SA NET.

ANG PAGLILINIS AY MAHALAGA UPANG MAPANATILI ANG MAGANDANG DALOY NG OXYGEN SA LOOB NG PEN.


## STOCK SAMPLING



ANG STOCK SAMPLING AY GINAGAWA ISANG BESES SA ISANG BUWAN.

GUMAMIT NG SCOOP NET OR IANGAT ANG GINAMIT NA GULONG NA TINIRHAN NG LOBSTER.

SURIIN ANG LOBSTER SA ANUMANG POSIBLENG SAKIT.


HARVESTING
TIMBANGIN ANG LOBSTER UPANG MAKITA AT MALAMAN ANG KINAKAILANGANG DAMI NG PAGKAIN BASE SA KANILANG BIGAT.
ANG PAG-AANI / HARVEST NG LOBSTER AY GINAGAWA ANIM HANGGANG SAMPUNG BUWAN MATAPOS ANG STOCKING. ANG LOBSTER AY TUMITIMBANG NG MAHIGIT KUMULANG 1 KILO KADA PIRASO.
MAINGAT NA ANIHIN NG MGA LOBSTER SA PAMAMAGITAN NG SCOOP NET UPANG MAIWASAN ANG PINSALA SA MGA ITO. ANG MGA DAMAGED LOBSTER AY MAIBEBENTA LAMANG SA MAS MABABANG HALAGA.
ANG IDEAL NA ORAS SA PAGHARVEST AY 7-9 NG UMAGA. HUWAG MAG-ANI SA PANAHON NG TAG-ULAN AT MAARING MAMATAY ANG MGA LOBSTER SA TUBIG TABANG (FRESH WATER). ANG MGA LOBSTER NA MAY MABABANG TIMBANG AY NARARAPAT NA PATABAIN PA BAGO IBENTA.


PACKING
IBALOT ANG LOBSTER SA ISANG PAPEL OR TELA NA INILUBLOB SA TUBIG-ALAT UPANG MASIGURO ANG DI PAGGALAW.
ILAGAY SA STYROFOAM BOX AT LAGYAN ITO NG PACKAGING TAPE.
I-DELIVER AGAD SA MGA BUYER UPANG MAIWASAN ANG PAGKA-STRESS NG LOBSTER.

# TIYAK NA GASTUSIN

MATERYALES/PUHUNAN
20 METRO KWADRADONG KULUNGAN NG BANAGAN NA MAY 200 FINGERLINGS SA ANIM NA BUWANG PAG-AALAGA


| | |
|---|---|
| PLASTIC CHICKEN WIRE 40m PHP45/METER | PHP 1800.00 |
| BAMBOO SPLITS 20 PIRASO (20FT. HABA) | 75.00 |
| NYLON WIRE 1 KILO (#100) | 170.00 |
| POSTE KAWAYAN/BAKAWAN) 18 PCS. (12FT HABA) P20/PCS. | 360.00 |
| CRACKED STONES 5CU. M. PHP100/CU. M. | 500.00 |
| 200 PIRASO FINGERLINGS | 5400.00 |
| TRASH FISH PARA SA FEEDS 2KL./FEEDING (380KGS.) 5P\KL | 1900.00 |
| SUB-TOTAL - | PHP 10,205.00 |

LABOR

| | |
|---|---|
| PAGGAWA NG 20 METRO KWADRADONG KULUNGAN (KONTRATANG PAKYAW NG ISANG LINGGO) | PHP 1000.00 |
| CLEANING, 10 MD SA PHP 90.00 / ARAW | 900.00 |
| PAGPAPAKAIN KASAMA NA ANG PREPARASYON, 5.5 MD | 496.00 |
| PAG-AANI, 1 MD | 90.00 |
| SUB-TOTAL - | PHP 2,486.00 |
| SUB-TOTAL - | PHP 12,691.00 |

| | |
|---|---|
| TOTAL REVENUE (180 KL.) SA PHP 800.00/KL. | PHP 144,000.00 |
| COST OF PRODUCTION | 12,6910.00 |

**NET INCOME PHP 131,309.00**



FISHERIES, COASTAL RESOURCES AND LIVELIHOOD PROJECT
PCA BUILDING ELLIPTICAL ROAD, DILIMAN QUEZON CITY
http://fishcoralproject.bfar.da.gov.ph